

MAKISANGKOT, MAGING LIGTAS

Pigilan ang Pinansyal na Pang-aabuso



Bawat taon, milyun-milyong matatandang Amerikano ang naaabuso sa pananalapi.

Pwede itong humantong sa kahirapan sa pagbabayad ng mga bayarin mo, pagbili ng pagkain, o pagbisita sa doktor, at maaari kang makaramdam ng pagtataksil, galit, at pati na rin ang kahihiyan. Ngunit hindi mo kasalanan ang pinansiyal na pang-aabuso. May mga paraan para maprotektahan mo ang iyong sarili at makahanap ng tulong.

Mga Tip para Maprotektahan ang Sarili

Madalas na i-check ang mga financial statement mo

Magtanong sa iyong bangko tungkol sa pag-sign up para sa mga alerto sa bank account

Ilagay ang mga pampinansyal na materyal sa isang naka-lock na drawer

Bisitahin ang [FTC.gov](https://www.ftc.gov) para matutunan kung paano makakuha ng libreng taunang ulat ng credit

Minsan mahirap kilalanin ang pinansiyal na pang-aabuso, ngunit narito ang ilang mga paraan na maaaring mangyari:



- Pagkuha ng pera, credit card, o ari-arian mo nang walang pahintulot
- Pagpeke ng pirma sa tseke o titulo ng ari-arian
- Pagsisinungaling sa iyo kung bakit kailangan niya ng pera
- Maling paggamit ng kapangyarihan ng abugado para makinabang ang ibang tao maliban sa iyo
- Pinipilit kang baguhin ang iyong testamento



MAKISANGKOT, MAGING LIGTAS

Pigilan ang Pinansyal na Pang-aabuso

Gumawa ng Plano para Manatiling Ligtas ang Iyong Pananalapi sa Panahon ng Emergency.



Makipag-usap sa iyong pamilya tungkol sa mga pinansiyal na kagustuhan mo para malaman nila kung ano ang gusto mo at kung ano ang kanilang magiging papel kapag may emergency.



Magtago ng listahan kung saan inilagay ang mga mahahalagang dokumento at mahahalagang bagay, at ibigay ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo para alam niya kung saan ito mahahanap sa panahon ng emergency.



Kumonsulta sa abugado o isang taong pinagkakatiwalaan mo para tulungan kang ihanda ang mga legal na dokumento gaya ng kapangyarihan ng abugado at isang testamento.



Tanungin ang bangko o tagapayo sa pananalapi mo tungkol sa "form ng awtorisasyon sa pinagkakatiwalaang contact" na nagpapahintulot sa bangko na makipag-ugnayan sa taong tinukoy mo sa panahon ng emergency.

Maghanap ng Tulong at Mag-ulat ang Pinansyal na Pang-aabuso



Kung sa palagay mo ay naabuso ka sa pananalapi, iulat ito kaagad. Kung apurahan ito, tumawag sa 9-1-1.

Hanapin ang iyong lokal na ahensya ng adult protective services (APS) sa pamamagitan ng [Eldercare Locator](#) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-677-1116.



Bisitahin ang
Elder Justice Website
elderjustice.gov

DEPARTMENT OF JUSTICE
ElderJustice
INITIATIVE

